Welcome ang lahat sa mga pagkilos-pangkabuhayan

INSPIRASYON SA BUHAY: "… (Sinabi ng Diyos)… Sapagkat batid kong lubos ang aking mga plano para sa inyo. Mga planong hindi ninyo ikasasama, kundi mga planong magbibigay sa inyo ng bukas na puno ng pag-asa…" (Jeremias 29:11, Bibliya)

-ooo-

WELCOME ANG LAHAT PARA SA MGA PAGKILOS-PANGKABUHAYAN: Marami ng mga tao na nakabasa ng ating sinulat ukol sa mga inihahandog ng Simbahang Anak ng Diyos Kadugo Ni Kristo (AND KNK) na gawaing pangkabuhayan ang nagpapahayag ng kanilang interest na makatanggap din ng mga biyayang dulot ng kakayahang makapag-negosyo gamit ang mga pautang na pera mula sa isandaang-apat napung (140) mga bangko na ang tubo ay di tataas sa 1.5 % sa isang buwan. Welcome pong lahat ng mga taong ito sa amin.

Ang pakiusap ko lang po, pag nagsabi na ang kahit na sino, saan mang lugar sa Pilipinas o sa buong mundo, na interesado sila sa mga gawaing ito ng Simbahang AND KNK, ilagay na po kaagad ninyo ang inyong mga pangalan, address, cellphone numbers, Facebook at Messenger accounts, upang maging mas madali ang pagkontak namin sa inyong lahat.

Kapag natanggap na po namin ang mga detalyeng ito ng inyong pagkakakilanlan, may isa po sa mga kasapi ng Simbahang AND KNK ang makikipag-komunikasyon po sa inyo upang kayo man ay maging kasama sa mga tuturuan kung ano ang gagawin. Pangunahin po dito ang pagbubukas ng mga deposito sa bangko na walang idinedepositong pera kahit isang sentimo, at ang pagkuha ng mga ATM at debit cards mula sa 140 na mga bangko.

-ooo-

MGA NEGATIBONG REAKSIYON, OKAY LANG: Sa totoo lang, marami din po ang nagbigay ng negatibong mga reaksiyon sa ginagawang ito ng Simbahang Anak ng Diyos Kadugo Ni Kristo (AND KNK). Pangunahin dito ang sinasabi nilang imposibleng magkaroon ng mga bank deposits na walang idinedeposito ang mga depositors. Ganundin, may mga bumabatikos din sa kasapi ng AND KNK na siyang namumuno sa mga gawaing ito ng Simbahan, si Kadugong Kay Zobel.

Oo naman, nagpapasalamat din kami sa mga nagbigay ng ganitong negatibong mga reaksiyon. Pero, tingnan po muna natin ang magiging resulta ng mga gawaing inuumpisahan na ni Kadugong Kay Zobel. Sa totoo lang po, wala naman siyang kinukuhang pera sa mga Kadugo namin (mga kasapi ng Simbahang AND KNK) para sa kaniyang mga gawaing pangkabuhayan.

At, sa ngayon po kasi, pinag-aagawan si Kadugong Kay ng iba't ibang mga pamahalaang lokal upang ibahagi sa kanilang mga nasasakupan ang nalalaman niya. Kung hindi totoo ang ginagawa niya, bakit nag-uunahan ang mga local government units upang maanyayahan si Kadugong Kay sa kanilang mga lugar?

-ooo-

SA TOTOONG NANANAMPALATAYA SA DIYOS, MASAGANA ANG BUHAY: Naging madali para sa mga kasapi ng Simbahang Anak ng Diyos Kadugo Ni Kristo (AND KNK) ang pagsangayon upang maumpisahan sa kanila ang mga proyektong pangkabuhayang isinusulong ng grupo ni Kadugong Kay Zobel. Bakit? Kasi, nakita namin ang sinseridad sa kaniyang mga pagkilos. Nakita din namin ang pagkakaisa ng mga isinusulong niyang biyayang pangkabuhayan sa mga tao at sa mga layunin ng aming Simbahan.

Sa AND KNK po kasi, naniniwala kaming ang isang tunay na mananampalatayang Kristiyano ay hindi dapat naghihirap, hindi dapat kinakapos, hindi dapat inaapi, hindi dapat masasaktin, hindi dapat pinagkakaitan ng karunungan, at katarungan sa lahat ng larangan ng buhay. Naniniwala po ang mga Kadugo sa AND KNK na ang plano ng Diyos para sa tunay na naniniwala at sumusunod sa Kaniya ay kasaganaan at katagumpayan sa buhay.

Sa ngayon po, isa sa mga pinakabatayan ng pagiging tunay na mananampalataya ng isang tao---yung tapat na nakikinig at totohanang sumusunod sa mga utos ng Diyos---ay ang katuparan ng mga plano ng Diyos para sa tao. Kung hindi nagaganap sa kanila ang kasaganaan at katagumpayan sa buhay at sa halip ay kahirapan at kawalang pag-asa ang nararanasan nila, kulang sa pagiging totohanang Kristiyano.

-ooo-

TAWAG NA PARA SA MGA TANONG, PAYO, AT TULONG: Sa mga nais tumawag o magtanong, o humingi ng tulong, sa akin sa mga tinatalakay sa "Ang Tanging Daan" o sa "Kakampi Mo Ang Batas", maaari po kayong tumawag o magtext sa mga numero ko: 0977 805 9058, 0917 984 2468, 0918 5740193 at 0933 825 1308. Maaari din po kayong mag-email sa akin sa batasmauricio@yahoo.com, o magpadala ng inyong mga mensahe sa aking Messenger sa Facebook (Melanio Lazo Mauricio Jr.). Abangan din po ninyo ang pagbubukas ng sariling website ng AND KNK, ang www.andknk.ph. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus!

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL ..... P180/col.cm.
LEGAL/ NOTICES ..... P160/col.cm.

NORTH SOUTH JOURNAL
PATAS AT MAKATARUNGANG PAMAHAYAG

ANG **NORTH SOUTH JOURNAL** ay inilalathala ng **NorthSouth Journal**, tuwing araw ng Linggo na may tanggapan sa 385 Alima, Bacoor, Cavite
Tel. No. (046) 434-6167

email:
northsouthjournal2018@gmail.com
southstarprintcenter@yahoo.com

MANILA OFFICE: 372 Real St. cor. San Antonio Valley 17, Talon 1, Las Piñas City, (beside Brgy. Hall)
Tel. No. (02) 817-0607
ILOCOS NORTE OFFICE: Banna, Ilocos Norte

ROSITA C. CACACTIN
Publisher
EDILBERTO JULIAN
Marketing
RODRIGO FABRO
Circulation Officer (NCR)
JULIUS C. CACACTIN
Circulation Officer (CALABARZON)
Gen. CESAR P. KABILING (ret.)
LEO CANTA
Consultants

FLORENDO T. CACACTIN
Associate Publisher & General Manager
MANNY CALDITO
DAN DANAO
JULIUS JULIAN
Correspondents
Atty. BATAS MAURICIO
Atty. FERNANDO PERITO
Legal Counsels

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.
PAPI

NCRPO to beef up intel vs. 'narco cops'

MANILA – The National Capital Region Police Office (NCRPO) on Friday ordered all district directors to intensify intelligence gathering against cops involved in illegal drug activities.

The order covers the Manila Police District (MPD), Quezon City Police District (QCPD), Northern Police District (NPD), Southern Police District (SPD), and the Eastern Police District (EPD).

"Our district directors, the five district Directors and Station Commanders, we will intensify our intelligence monitoring, counter intelligence to find out kung sino pa sa mga kasamahan namin (ang) involved sa droga at (who among our colleagues are involved in illegal drugs and) illegal activities. And we are appealing to the public to continue supporting and cooperating with us," NCRPO chief, Maj. Gen. Guillermo Eleazar told reporters.

This move comes after a police officer was arrested when caught in the act of sniffing shabu in Sampaloc, Manila on Thursday night.

The suspect was identified as Patrolman Ferdinand Cruz Rafael, 52, and assigned at District Administrative Holding Unit (DAHU) of MPD.

He said Rafael was arrested inside Room B #356, Calabasita Street in Barangay 539 Sampaloc Manila around 11 p.m. on Thursday.

Eleazar said the arrest stemmed from an information from a concerned citizen that Rafael frequently visited the room where illegal drugs transactions are taking place.

"A video footage while actually sniffing illegal drugs (shabu) was also secured in the course of casing and surveillance by the operatives," Eleazar said.

A buy-bust operation against Rafael was conducted upon verification of his involvement in illegal drugs.

Investigation revealed that Rafael was recruited in the Special Action Force in 1995. He went on absent without official leave during his Commando training.

He was then reinstated in the police service in 2002 and was charged with an administrative case, causing his suspension. Moreover, he was assigned at Caloocan before his assignment at the MPD.

Upon apprehension, NCRPO operatives seized from him a total of 15 grams of shabu with a street value of PHP102,000. The recovered pieces of evidence were brought to the PNP Crime Laboratory for Drug Test and Qualitative and Quantitative examination.

The suspect was brought to the NCRPO Regional Drug Enforcement Unit (RDEU) office for documentation and disposition and will face cases for violation of Section 5, 11, 12, 14 and 15, Article II of RA 9165 (Comprehensive Dangerous Drugs Act Of 2002). (PNA)

2 nabbed for human trafficking in Antipolo

MANILA -- National Bureau of Investigation (NBI) operatives arrested two men for alleged human trafficking in Antipolo City.

In a statement Friday, NBI Director Dante Gierran said suspects Christian Mabbayad, alias Jaika, and John Romel Bueno were arrested while 11 victims, including two minors, were rescued by the bureau's Rizal District Office last March 6.

The two were arrested following a tip-off by the rescue group, Destiny Rescue Phils., regarding their alleged human trafficking activities, particularly the sexual exploitation of minors, in Pasig, Makati, Quezon City, and Rizal.

An entrapment operation was organized by the NBI and social workers against the two during a swimming party at 3B Resort in Barangay Sta. Cruz, Antipolo City, where the victims were offered PHP3,000 each.

After their arrest, the two suspects were presented for inquest proceedings before the City Prosecutor's Office of Antipolo for violation of Republic Act (RA) 10364 or the Expanded Anti-Trafficking In Persons Act of 2012, and RA 7610 or the Special Protection of Children Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act. (PNA)